# Pagsusulit ng SCPASS: Isang Brochure para sa mga Magulang at Mag-aaral

## Pangkalahatang-ideya



- Ang South Carolina Palmetto Assessment of State Standards (SCPASS) ay isang pagsusulit sa agham para sa buong estado.
- Ang pagsusulit sa agham ay ibinibigay sa mga mag-aaral na nasa baitang 4 at 6.
- Ang lahat ng mag-aaral sa mga baitang na ito, kasama ang mga mag-aaral na may kapansanan at mga Multilingual learner (MLs), ay dapat na bigyan ng mga pagsusulit na ito, maliban sa mga mag-aaral na kwalipikado para sa South Carolina Alternate Assessment (SC-Alt), ayon sa mapagpapasyahan ng kanilang IEP team.
- Ang mga pagsusulit sa SCPASS ay sumusukat sa mga pamantayang pang-akademya ng South Carolina na itinuturo sa mga klase ng agham. Ang mga pamantayan sa agham na ito ay makikita sa website ng SCDE sa: https://ed.sc.gov/instruction/standards-learning/science/standards/.

## Yugto ng Pagsusulit

- **Ang SCPASS ay dapat ibigay sa huling dalawampung araw ng paaralan** ayon sa isinasaad ng kalendaryo ng pagtuturo ng bawat distrito. Ang mga distrito at paaralan ay mag-iiskedyul ng mga partikular na petsa ng pagsusulit.

## Format ng Pagsusulit

- Ang mga pagsusulit ng SCPASS ay ibibigay nang nasa isang computer-based na format lang, nang may mga sumusunod na pagbubukod:
  - Ang mga mag-aaral na kumukuha ng mga online na pagsusulit dahil sa kanilang mga kapansanan, ayon sa isinasaad sa kanilang IEPs o mga 504 plan, ay puwedeng tasahin gamit ang isang paper-based na format.
  - Ang mga distritong nakakatanggap ng waiver mula sa State Board of Education ay maaaring magtasa gamit ang isang paper-based na format.
- **Hindi inoorasan** ang mga pagsusulit.

## Mga Uri ng Tanong sa Pagsusulit

- Ang mga pagsusulit sa agham ay naglalaman ng mga tanong na may iba't ibang antas ng hirap.
- Ang mga pagsusulit ay maaaring kabilangan ng iba't ibang uri ng tanong, gaya ng maraming pagpipilian (multiple-choice), maraming pipiliin (multi-select), at mga tanong na sinusuportahan ng teknolohiya gaya ng drag and drop, hot spot, at mga item sa drop-down na listahan.

## Mga Translation/Accessibility


- Ang mga resource para sa mga magulang gaya ng brochure na ito, mga sample na ulat ng marka, at mga panglarawan ng antas ng katatasan ay available nang nasa maraming wika at sa isang accessible na format na sumusunod sa Seksyon 508 ng Rehabilitation Act of 1973, ayon sa pag-aamyenda. Pumunta sa webpage ng Resource para sa Mag-aaral at Magulang para sa mga translation, mga dokumentong may malalaking titik, at para humiling ng mga alternatibong format: https://ed.sc.gov/tests/assessment-information/student-and-parent-resources/



# Mga Sample na Item

## Agham—Baitang 4

Ipinapakita ng graph ang tinatantiyang populasyon ng mga baboy-ramo sa South Carolina sa pagitan ng 2002 at 2010.




Aling impormasyon ang **pinaka**sinusuportahan ng data na ito?

A. Ang populasyon ng baboy-ramo ay tumaas sa pagitan ng 2008 at 2009.

B. Nagkaroon ng mas maraming baboy-ramo sa South Carolina noong 2010 kumpara sa 2002.

C. Ang populasyon ng baboy-ramo ay bumaba sa pagitan ng 2005 at 2008.

D. Mas maraming tao sa South Carolina ang nagkaroon ng mga baboy-ramo noong 2007 kumpara sa 2008.

Sagot = B

## Agham—Baitang 6

Aling dalawang pahayag ang **pinaka**nagpapaliwanag sa isang stimulus sa kapaligiran at rekasyon ng isang oso para makaraos sa taglamig?

A. Stimulus sa kapaligiran: Napansin ng oso na nagiging mas kaunti ang pagkain.
Reaksyon: Kokonsumo ng mas kaunting pagkain ang oso, at bibilis ang tibok ng puso nito.

B. Stimulus sa kapaligiran: Nagiging mas maikli na ang mga araw.
Reaksyon: Kokonsumo ng mas maraming pagkain ang oso, at babagal ang tibok ng puso nito.

C. Stimulus sa kapaligiran: Gutom ang oso.
Reaksyon: Kokonsumo ng mas maraming pagkain ang oso, at bibilis ang tibok ng puso nito.

D. Stimulus sa kapaligiran: Nagiging mas mahaba na ang mga araw.
Reaksyon: Kokonsumo ng mas kaunting pagkain ang oso, at babagal ang tibok ng puso nito.

Sagot = B

# Mga Sample na Tanong, Tutorial, at Online Tools Training (OTT)

- Ang webpage ng SCPASS (http://ed.sc.gov/tests/middle/scpass/) ay nagbibigay ng mga resource para sa pag-eensayo, paghahanda, at reference kasama ang:
  - Ang mga Video na Tutorial para sa Online na Pagsusulit ay nagbibigay ng mga sunod-sunod na tagubilin tungkol sa kung paano gamitin ang system ng online na pagsusulit. Dapat suriin ng mga paaralan ang mga tutorial kasama ang mga mag-aaral bago ang pagsusulit.
  - Online Tools Training (OTT) para sa mga mag-aaral: ginagaya ng online module na ito ang system ng pagsusulit ng SCPASS at binibigyang-daan nito ang mga mag-aaral na mag-ensayo sa paggamit sa software para sa pagsusulit at lahat ng tool na available sa pagsusulit, gaya ng highlighter, magnifier, at calculator. Ang OTT at ang video na Tutorial para sa Online na Pagsusulit para sa SCPASS ay matatagpuan sa sumusunod na website (gamit ang Google Chrome): https://wbte.drcedirect.com/SC/portals/sc.
  - Mga sample na tanong na pang-agham sa SCPASS mula sa mga nakaraang taon.

# Mga Resulta ng Pagsusulit

- Ang mga distrito ay makakatanggap ng mga electronic na kopya ng mga ulat ng marka ng mag-aaral bago o pagsapit ng Hulyo 8. Pagdating ng Agosto 1, makakatanggap ang mga distrito ng mga papel na kopya na ipapamahagi sa mga magulang.
- Ang mga resulta ng pagsusulit ng SCPASS ay kabibilangan ng mga scale na marka, mga antas ng katatasan, at katatasan ayon sa kategorya ng pag-uulat.
- Ang mga pangkalahatang antas ng katatasan para sa agham ay Lampas sa Inaasahan, Nakakatugon sa Inaasahan, Malapit na sa Inaasahan, Hindi Nakakatugon sa Inaasahan.